

# Pagtatasa sa Pagganap ng edTeacher

## Liham ng Impormasyon sa Slip ng Pahintulot

Minamahal na Magulang o Tagapangalaga:

Ako ay isang estudyanteng guro mula sa Western Washington University na nagtatrabaho sa silid-aralan ng iyong anak. Para makumpleto ang aking programa sa edukasyon para maging guro, inaatasan ako ng Estado ng Washington na makatapos ng isang pagtatasa na tinatawag na edTPA o Educational Teacher Performance Assessment (Pagtatasa sa Pagganap ng Guro). Kinakailangan sa akin ang pagtatasa na ito upang makamit ko ang aking sertipikasyon para maging guro na ginawa ng Stanford University. Isusumite ang aking mga materyal sa edTPA sa at mamarkahan ng mga nagtuturo sa isang secure na system na pinapatakbo ng Pearson Evaluation Systems Group.

Dinodokumento ng pagtatasa sa pagganap ang isang serye ng mga leksyon na tinuturo ko sa silid-aralan ng iyong anak at may kasamang maikling na-record na video. Bagaman sa mga video recording ay kasali pareho ang guro at iilang mga estudyante, ang pinakapangunahing pagtutuunan ay ang aking pagtuturo, hindi ang mga estudyante sa klase. Sa panahon ng pagre-record sa aking pagtuturo, maaaring lumabas sa video ang iyong anak. Gayundin, ako ay mangongolekta ng mga halimbawa ng mga gawa ng estudyante bilang katibayan ng aking pagtuturo, at maaaring kasama sa gawaing iyon ang ilan sa mga ginawa ng iyong anak.

Ang Faculty sa WWU ay walang inaasahang anumang mga negatibong epekto sa iyo o sa iyong anak bilang resulta ng pagtatasa na ito. Ang isang inaasahang benepisyo ay maaaring makatulong sa Western Washington University ang iyong pagsali na makapaghandang mga mas mahuhusay na guro.

Walang mga pangalan ng estudyante ang lalabas sa anumang mga materyal na isusumite at mga materyal na pananatilihin kumpidensyal sa lahat ng pagkakataon. Ang mga pag-record ng video at gawa ng estudyante na isusumite ko ay hindi gagawing pampubliko sa anumang paraan. Ang mga isusumite kong materyal ay susuriin at maaaring gamitin para sa mga layunin ng pagpapabuti sa programa ng aking unibersidad, ang Western Washington. Maaaring gamitin ang aking mga material sa pagtatasa ng Stanford University at Pearson sa ilalim ng mga ligtas na kundisyon para sa pagpapaunlad at pagpapatupad ng programang edTPA, kabilang na sa pagsasanay ng nagmamarka, at upang suportahan ang mga aktibidad sa patuloy na pagpapabuti sa programa gaya ng mga pag-aaral sa pagiging wasto at maaasahan sa hinaharap. Ang form na kalakip ay gagamitin upang mai-dokumento ang iyong pahintulot para sa mga aktibidad na ito.

Kung ikaw ay may mga katanungan, mangyari lamang makipag-ugnayan sa opisina ng Field Experience ng Western Washington University sa: (360) 650-3309 o sa pamamagitan ng email sa: [ofe@wwu.edu](mailto:ofe@wwu.edu).

Sumasainyo,

---

(Isulat-kamay ang Pangalan ng Kandidatong Guro - Isulat-kamay)

Pangalan ng Guro sa Silid-Aralan:

---

# Permission Slip (Slip ng Pahintulot)

(kumpletong sasagutin ng sinumang sa mga magulang/legal na tagapangalaga ng mga menor de edad na estudyante na kasali sa proyektong ito, o ng mga estudyanteng may edad 18 taon o higit pa na kasali sa proyektong ito)

Pangalan ng Estudyante: \_\_\_\_\_ Paaralan/Guro: \_\_\_\_\_

Estudyante, OO, ako ay sumasang-ayon sa pagsali \_\_\_\_\_ (Paki-tsek sa linya at ang permiso ay kailangang ibigay sa ibaba)

**Ako ang magulang/legal na tagapangalaga ng batang pinangalanan sa itaas. Nabasa at naunawaan ko na ang paglalarawan sa proyekto at sumasang-ayon sa sumusunod:**

*(Paki-tsek ang nararapat na kahon sa ibaba.)*

**AKO AY** nagbibigay ng pahintulot sa iyo na isali ang gawaing pang-estudyante ng aking anak at/o larawan sa mga pag-record ng video bilang bahagi ng (mga) video na nagpapakita ng pagganap mo sa silid-aralan, na gagamitin para sa layunin ng pagsali sa edTPA. Nauunawaan ko na hindi lalabas ang pangalan ng aking anak at anumang mga impormasyon na personal na makakapagpakilala tungkol sa aking anak sa alinman sa mga isinusumiteng materyal.

**AKO AY HINDI** nagbibigay ng pahintulot sa iyo na isali ang gawaing pang-estudyante ng aking anak at/o larawan sa mga pag-record ng video bilang bahagi ng (mga) video na nagpapakita ng pagganap mo sa silid-aralan, na gagamitin para sa layunin ng pagsali sa edTPA.

**Pirma ng Magulang o Tagapangalaga:** \_\_\_\_\_ **Petsa:** \_\_\_\_\_

---

**Ako ang mag-aaral na pinapangalanan sa itaas at may hindi bababa sa 18 taong gulang. Nabasa at naunawaan ko na ang paglalarawan sa proyekto at sumasang-ayon sa sumusunod:**

*(Paki-tsek ang nararapat na kahon sa ibaba.)*

**AKO AY** nagbibigay ng pahintulot sa iyo na isali ang aking gawaing pang-estudyante at/o larawan sa mga pag-record ng video bilang bahagi ng (mga) video na nagpapakita ng pagganap mo sa silid-aralan, na gagamitin para sa layunin ng pagsali sa edTPA. Nauunawaan ko na hindi lalabas ang pangalan ko at anumang mga impormasyon na personal na makakapagpakilala tungkol sa akin sa alinman sa mga isinusumiteng materyal.

**AKO AY HINDI** nagbibigay ng pahintulot sa iyo na isali ang aking gawaing pang-estudyante at/o larawan sa mga pag-record ng video bilang bahagi ng (mga) video na nagpapakita ng pagganap mo sa silid-aralan, na gagamitin para sa layunin ng pagsali sa edTPA.

**Lagda ng Mag-aaral:** \_\_\_\_\_ **Petsa:** \_\_\_\_\_

**Petsa ng Kapanganakan:** \_\_\_\_\_